

PANGALAN NG TANGGAPAN NG EDD
P.O. BOX
ZIP CODE NG LUNGSOD NG CALIFORNIA

Mga Numero ng Telepono ng EDD:

Ingles:	1-800-300-5616
Spanish:	1-800-326-8937
Cantonese:	1-800-547-3506
Mandarin:	1-866-303-0706
Vietnamese:	1-800-547-2058
TTY: (Hindi Tumatanggap ng Voice Call)	1-800-815-9387

Pangalan at Address ng Naghahabol

Pangalan ng Naghahabol
Mailing Address ng Naghahabol
Lungsod, Estado at Zip Code ng Naghahabol

Petsa ng Pagpapadala:
Numero ng Social Security:

**ABISO PARA SA PANAYAM SA PAGIGING KWALIPIKADO SA MGA BENEPISYO NG INSURANCE
HABANG WALANG TRABAHO (UNEMPLOYMENT INSURANCE)**

Kapag hiniling mong palitan ang iskedyul ng panayam sa telepono, maipagpapaliban ito at maiiskedyul ayon sa mga available na appointment para sa panayam. Ang dahilan kung bakit hindi ka naging available para sa orihinal na panayam sa telepono ay maaari ding makaapekto sa iyong pagiging kwalipikado para sa tulong pinansyal mula sa pamahalaan. Hindi mababayaran ang mga benepisyo ng UI hangga't hindi ka nakakapanayam sa telepono, hindi napagpapasyahan ang iyong pagiging kwalipikado at hindi nakukuha ang iyong sertipikasyon para sa pagpapatuloy ng mga benepisyo.

Kung hindi ka available para sa panayam sa telepono at hindi mo hiniling sa EDD na palitan ang iskedyul ng naturang panayam at/o hindi ka nagbigay ng ibang numero ng telepono, magpapasya ang EDD ayon sa hawak nitong impormasyon. **Dahil dito, maaaring tanggihan ang iyong mga benepisyo. Bukod pa rito, kung mapag-aalaman ng EDD na binigyan ka ng mga benepisyo ng UI na wala kang karapatang matanggap dahil sa isang maling pahayag o hindi ibinigay na impormasyon, aatasan kang bayaran ang mga natanggap mong benepisyo sa EDD.**

Upang makaugnayan ang EDD tungkol sa pagpapalit ng iskedyul ng isang panayam sa telepono, maaari kang makipag-ugnayan sa UI OnlineSM sa www.edd.ca.gov/UI_Online o makipag-ugnayan sa EDD sa walang bayad na numero ng telepono sa itaas.

May karapatan kang:

- Humiling ng karagdagang oras upang makapaghanda para sa panayam sa telepono. Pakitandaang kapag pinalitan mo ang iskedyul ng naturang panayam sa telepono, maaaring mas matagalan bago ka matanggap ng tulong pinansyal mula sa pamahalaan.
- Iharap ang mga kinakailangang saksi sa panayam at magpakita ng mga ebidensya sa tagapanayam.
- Kumuha ng sinumang kakatawan sa iyo sa panayam, sa sarili mong pagpapasya.

Alinsunod sa batas, maaaring makipag-ugnayan sa mga employer kung may impormasyong kinakailangang patunayan o kunin.

MAHALAGA: Upang mapabilis ang proseso ng panayam sa telepono, pakibasa ang mga tagubilin para sa panayam sa likod ng form at ihanda ang lahat ng nauugnay na impormasyon para sa panayam sa telepono.

MGA TAGUBILIN PARA SA PANAYAM SA TELEPONO

Maaaring itanong sa iyo ang ilan sa sumusunod na tanong sa naturang panayam sa telepono:

TANDAAN: Ang mga tanong ay dedepende sa dahilan kung bakit mo pinalitan ang iskedyul ng iyong panayam sa telepono.

SAMPLE